ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 1
Enero 7, 2021
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Napipintong malawakang pagsupil sa tabing ng "anti-terorismo"

Noong katapusan ng Disyembre 2020, inanunsyo ng Anti-Terrorism Council (ATC) ni Rodrigo Duterte na pormal nitong "itinatalaga" bilang "teroristang organisasyon" ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ang Bagong Hukbong Bayan (BHB). Isinagawa ang hakbang na ito alinsunod sa Anti-Terrorism Law (ATL) na minadaling isabatas ni Duterte noong Hulyo 2020.

Malisyoso at walang batayan ang "pagtatalaga" ng ATC laban sa PKP at BHB. Ang PKP at ang BHB ay mga rebolusyonaryong organisasyon na nagsusulong ng pakikibaka para sa pambansang paglaya. Ang armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino ay matagal nang kinikilala ng lokal at dayong mga institusyon, organisasyon at gubyerno bilang lehitimong pakikibaka laban sa pang-aaping dayuhan at lokal.

Ang mga rebolusyonaryong armadong pwersa ay mahigpit na tumatalima kapwa sa mga panloob na alituntunin at mga internasyunal na makataong batas na nangangalaga sa interes at kapakanan ng mga sibilyan. Mahigpit na naninindigan ang Partido at BHB laban sa teroristang karahasan laban sa di armadong mamamayan.

Isinagawa ng ATC ang hakbang na ito kahit hindi pa nahuhusgahan ang hindi bababa sa 30 reklamong isinampa sa Korte Suprema na kumukwestyon sa ATL. Kinukwestyon din ng ilang ekspertong ligal ang pagkakaso ng "terorismo" laban sa Partido at BHB na anila'y "rebelde" at hindi "terorista" dahil sa layunin nitong ibagsak ang naghaharing gubyerno at palitan ito ng demokratikong gubyernong bayan.

Bagaman idinidiin sa malisyosong pagtatalaga sa ilalim ng ATL, hindi ang Partido at BHB ang pinakatarget ng mga hakbang na ito ng rehimeng Duterte. Dahil dati nang iligal at hindi nasasaklaw ng batas ng reaksyunaryong gubyerno, ang PKP at BHB ay walang katayuang ligal na pwedeng maapektuhan ng hakbanging ito.

Ang tunay na target ng malisyosong pagtatalaga laban sa PKP at BHB ay ang ligal at hindi armadong mga pambansa-demokratikong pwersa at ang malawak na hanay ng progresibo at patriyotikong mga samahan, *party-list,* unyon, tagapagtanggol ng karapatang-tao, mga NGO (*non-governmental organization*) at indibidwal na aktibong kumokontra sa tiraniya. Inamin ng

mga pangunahing upisyal ni Duterte na idadamay sa hakbanging ito ang mga grupong isinasakdal nilang mga "prente" ng PKP at BHB. Nitong nagdaang mga buwan, hayagan nilang nire-*red-tag* ang mga organisasyong ito.

Alinsunod sa hakbang na ito, ipinag-utos ng gubyerno na hawakan ang mga "*bank account* ng PKP at BHB," na makaaapekto, hindi sa PKP (na walang pera sa bangko na maaaring ipitin ng gubyerno), kundi sa iba't ibang mga organisasyon at indibidwal na inaakusahan ng gubyerno na "nagpapadala ng pondo sa BHB."

Hindi malayong sa loob ng ilang linggo o buwan, gagamitin ng gubyernong Duterte ang hakbang na ito para sa tahasang iligalisasyon at pag-ipit sa mga demokratikong karapatan. Sa pormal na "pagtalaga" sa PKP at BHB na "terorista," ang sinumang akusahan na naka-ugnay, sumusuporta, nagsisimpatya o nagkakanlong sa kanila ay maaaring isakdal at parusahan sa ilalim ng ATL. Gagamitin ni Duterte ang tabing ng "anti-terorismo" para supilin ang demokrasya at patahimikin ang lahat ng tumututol sa kanyang tiraniya.

Dapat puspusang kumilos at lumaban ang lahat ng pwersang demokratiko laban sa paggamit ni Duterte sa ATL para supilin ang mga demokratikong karapatan at katayuang ligal. Hinihikayat ng Partido ang iba't ibang pwersa, maging yaong walang kinalaman sa PKP o kahit kontra sa PKP o BHB, na manindigan laban sa paggamit ng ATL para sa "pagtalagang terorista" laban sa PKP at BHB dahil hindi malaon ay madadamay ang mga karapatang ligal at pampulitika ng lahat.

Nanawagan ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa mga kaibigan ng mamamayang Pilipino na magpahayag laban sa ATL. Ayon sa NDFP, lalong nagiging imposibleng magkaroon ng usapang pangkapayaan bilang paraan ng paglutas sa mga ugat ng armadong tunggalian sa Pilipinas.

Nanawagan din ang NDFP sa mga mamamayan at gubyerno ng United States, European Union, New Zealand, Australia at United Kingdom na magsalita laban sa maling pagtalaga sa PKP. Iginiit din nito ang pag-aalis sa pangalan ng PKP at BHB sa "listahang terorista" ng US at ilang dayong gubyerno upang makatulong sa pagsisikap ng mamamayang Pilipino na labanan ang mga tangkang magtatag ng isang pasistang diktadura sa tabing ng "anti-terorismo" at likhain ang kundisyon upang muling masimulan ang nauntol na usapang pangkapayapaan ng GRP-NDFP.

Dahil mayroon na lamang mahigit 500 araw sa Malacañang, nagmamadali ngayon si Duterte na pagulungin ang kanyang mga pakana para mapanatili ang dinastiyang Duterte sa poder. Kabilang sa mga ito ang tahasang pagtatatag ng isang pasistang diktadura, pagtulak ng "charter change" sa ngalan ng pederalismo at ang pagsisiguro na "mahahalal" ang kanyang ambisyosa, simpasista at uhaw-sa-kapangyarihang anak na si Sara para humalili sa pagkapresidente.

Kaya papatindi nang papatindi ang kampanyang pagsupil ng rehimeng US-Duterte. Bago magtapos ang 2020, siyam na lider ng minoryang mamamayang Tumandok ng Panay ang walang kalaban-labang pinaslang ng mga pasistang pulis sa madaling araw na pagreyd sa kanilang mga baryo noong Disyembre 30. Hindi malayong pangitain ito ng "estilong Jakarta" na madugong pagsupil na matagal nang gustong ipatupad ni Duterte sa kanyang kampanyang "anti-komunista."

Sa harap ng malaking pasistang banta laban sa mga demokratikong karapatan, dapat puspusang kumilos ang Bagong Hukbong Bayan at maglunsad ng mga taktikal na opensiba, laluna laban sa mga abusadong yunit ng militar at pulis. Kailangan ding buuin ang mga armadong partisanong yunit ng BHB para ipakat sa labas ng mga sonang gerilya upang maglunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga pasilidad militar, pangkomunikasyon at pangtransportasyon ng kaaway at laban sa mga susing upisyal at tauhang sangkot o utak sa mga pasistang krimen laban sa masa. AB


ANG Bayan

Tomo LII Blg. 1 | Enero 7, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com


# Nilalaman


| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Napipintong malawakang pagsupil sa tabing ng "anti-terorismo" | 1 |
| #DiPagagapi: Higit pang palakasin ang Partido | 2 |
| Kumprehensibong pagsulong sa Negros | 3 |
| Mga katutubong kontra-dam, minasaker | 4 |
| Matagumpay na barikada sa Lupang Ramos | 4 |
| Aktibistang magsasaka, pinatay sa Bohol | 4 |
| Badyet para sa kurakot at pasismo | 5 |
| Kakarampot na pondo para sa bakuna | 5 |
| Mga baril, isinuko ng CAFGU sa BHB | 5 |
| Treyning-militar ng BHB-Eastern Samar | 5 |
| Ligtas na harapang klase | 6 |
| *13th month pay,* hindi ibinigay sa marami | 7 |
| Ligtas sa Covid-19 pero hindi sa hirap | 8 |
| *Social media*, daluyan ng paglaban | 10 |



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Sa ika-52 taon ng PKP:

# #DiPagagapi: Higit pang palakasin ang Partido!



Simple ngunit masasayang pagtitipon ang isinagawa sa iba't ibang larangang gerilya at komunidad ng masa para ipagdiwang ang ika-52 taong anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 26, 2020. Sa harap ng matitinding operasyon at panghahalihaw ng militar, nagpursige ang masa para makadalo at makiisa sa aktibidad at ipagdiwang ang mga tagumpay na nakamit ng Partido at rebolusyonaryong kilusan at humalaw ng aral sa kanilang mga karanasan sa nagdaang taon.

Sa paunang mga ulat, nagkaroon ng mga pagtitipon at selebrasyon sa mga larangang gerilya ng Ilocos-Cordillera Region, Southern Tagalog, Southern Mindanao Region (SMR) at North Eastern Mindanao Region. Sa SMR, isinabay sa selebrasyon ang pagtatapos ng Batayang Kurso ng Partido sa isang kampuhan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

**North Central Mindanao.** Hinarap at napangibabawan ng rebolusyonaryong pwersa ang bangis ng kaaway sa rehiyon. Epektibong napreserba ng Partido ang lakas nito sa erya at nasa pusisyon ito ngayon na magkamit ng ibayong tagumpay sa susunod na taon. Noong 2020, nakapaglunsad ang BHB ng 92 aksyong militar sa rehiyon laban sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at mga paramilitar na nagsisilbing pwersang panseguridad ng dambuhalang mga minahan at plantasyon. Hindi bababa sa 154 ang kaswalti sa hanay ng reaksyunaryong militar kung saan 88 ang namatay sa labanan.

Tagumpay din ang iba't ibang kampanyang masang inilunsad sa rehiyon gaya ng pagkumpronta sa mga panginoong maylupa, paghahain ng reklamo sa mga ahensya ng gubyerno at kampanyang tigil-operasyon sa mga kumpanya. Sa pamamagitan nito, naitaas ang sahod ng mga manggagawang bukid at naibigay ang kanilang mga benepisyo. Naitaas din ang presyo ng mga produkto ng mga magsasaka. Matapang ding hinaharap ng masa ang pasismo ng AFP sa kanilang komunidad. Binigyan-pugay ng komite ng Partido sa rehiyon ang 18 mandirigmang nasawi dahil sa pambobomba ng AFP at siyam na nasawi sa armadong engkwentro.

**Northeastern Mindanao.** Matinding mga hamon sa pagsusulong ng digmang bayan ang napangibabawan ng rehiyon sa 2020. Sa harap ng todong atake ng rehimen, napanghawakan ng BHB ang inisyatibang militar. Nakakumpiska ang mga Pulang mandirigma ng mga armas na kayang armasan ang isa pang platun. Nakapagtala rin ng 98 armadong aksyon laban sa nag-oopereyt na tropang militar habang katumbas ng maliit na kumpanya ang bilang ng kanilang kaswalti.

**Panay.** Signipikanteng paglaki naman sa masang kasapian ng rebolusyonaryong mga organisasyon ang tampok sa pahayag ng komiteng rehiyunal ng Partido sa isla. Sila ang nanguna sa paglulunsad ng mga repormang agraryo tulad ng paggigiit ng karapatang bungkalin ang tiwangwang na mga parsela ng lupa, pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan at pagsusulong ng iba pang kilusan para sa kanilang makauring mga interes.

### Kumprehensibong pagsulong sa Negros

KUMPREHENSIBONG PAG-ABANTE SA larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon ang iniulat ng komite ng Partido sa Negros sa harap ng pananalasa ng rehimeng Duterte at pandemyang Covid-19.

Sa larangan ng ideolohiya, nagkaroon ng pormal na diskusyon ang mga sangay sa 25-taong pagsusuma ng rehiyon. Matagumpay ding nailunsad ang 3-antas ng pormal na edukasyon. Sa Central Negros, nakapagtapos ang 200 kasapi ng Partido sa Batayan at Intermedyang Kurso ng Partido noong 2020. Nakapagtapos din ng Abanteng Kurso ang mga kadre ng rehiyon. Bunga ang mga ito ng inilunsad na kauna-unahang kumperensya sa edukasyon sa rehiyon noong unang bahagi ng 2020.

Sa organisasyon, nakapaglunsad ng mga asembliya at pulong ang mga samahang masa at nakapaghalal ng mga bagong upisyal. Nakapagtayo ng mga balangay para sa magsasaka, kababaihan at kabataan. Lumaki nang 10%-15% ang bilang ng organisadong masa at nadagdagan nang 5%-10% ang daanlibong baseng masa.

Sa pulitika, napakilos ang mga magsasaka sa paglulunsad ng rebolusyong agraryo at antipyudal at antipasistang paglaban. Malawakang namahagi ang mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon ng mga polyeto ukol sa pandemyang Covid-19 at naglunsad ng mga klinikang bayan. Pinakamalaki rito ang 2,000 masang naserbisyuhan sa Central Negros. Sa buong 2020, 75 elemento ng AFP ang naitalang kaswalti mula sa 30 taktikal na opensiba at pamamarusa ng BHB sa isla.

# Mga katutubong kontra-dam, minasaker

Siyam na katutubong Tumandok na aktibong tumututol sa pagtatayo ng dam sa kanilang lupang ninuno ang minasaker, at 17 iba pa ang arbitraryong dinakip ng mga elemento ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) at 12th IB noong Disyembre 30, 2020 sa magkakanugnog na barangay sa hangganan ng Tapaz, Capiz at Calinog, Iloilo.

Kinilala ang mga pinaslang na sina Roy Giganto, Mario Aguirre at Reynaldo Katipunan ng Barangay Lahug; Maurito Diaz, Sr. ng Barangay Tacayan; Eliseo Gayas, Jr. ng Barangay Aglinab; Artilito Katipunan ng Barangay Acuña; Jomar Vidal ng Barangay Daan Sur; at Dalson Catamin at Rolando Diaz ng Barangay Nayawan, lahat sa bayan ng Tapaz.




Ang mga biktima ay kilalang mga lider katutubo at kasapi ng Tumanduk, organisasyon ng 17 komunidad ng Tumandok sa Panay. Ayon sa mga saksi, pwersahang pinasok ng mga pasista ang bahay ng mga biktima nang madaling araw, pinalabas ang mga kaanak, at saka pinagbabaril ang mga biktima. Ilan sa mga biktima ay pinatay habang natutulog. Tinortyur din bago paslangin si Gayas.

Umabot sa 300 ang nag-operasyong mga pasista sa 10 barangay ng Tapaz, at 200 naman sa anim na barangay ng Calinog.

Matapos ang krimen, malisyosong pinalabas ni Lt. Col. Gervacio Balmaceda ng CIDG Region 6 na mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga biktima at pinaslang matapos "manlaban." Samu't saring mga baril at pasabog ang itinanim ng mga operatiba sa bahay ng mga biktima.

Dahil sa lagim na sinapit ng mga komunidad, natulak na lumikas ang may 500 indibidwal mula sa mga baryo. Nagtungo sila sa iba't ibang sentrong ebakwasyon sa Tapaz at Calinog.

Matagal nang pinalalabas ng militar na may kaugnayan ang Tumanduk sa Partido at BHB. Layon ng panggigipit na supilin ang mariing pagtutol ng mga katutubo sa itinatayong Jalaur Megadam sa Calinog at planong Panay River Basin Integrated Development Project sa Tapaz at Jamindan. Palalayasin ng mga proyektong ito ang puu-puong libong katutubo at ilulubog ang kanilang mga lupa. Nilalabanan din ng mga Tumandok ang pangaagaw ng 3rd ID sa kanilang mahigit 33,310 ektaryang lupaing ninuno na ginagamit bilang reserbasyong militar. AB

### Matagumpay na barikada sa Lupang Ramos

Napaatras ng barikadang bayan ng mga magsasaka at tagasuporta sa Lupang Ramos, Dasmariñas City, Cavite ang bantang pagpapalayas sa mga residente ng mga ahente ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP). Nagsimula ang dalawang araw na barikada noong Disyembre 21.

Tatayuan ng mga poste ng kuryente ang 372 ektaryang lupa ng mga magsasaka. Simula 2014 ay nais nang pasukin ng NGCP ang Lupang Ramos na magiting na nilabanan ng KASAMA-LR.

### Aktibistang magsasaka, pinatay sa Bohol

PATAY SA PAMAMARIL ng mga pwersa ng estado ang magsasakang si Lorenzo Paña sa Barangay Dorol, Balilihan, Bohol noong Disyembre 30, 2020. Si Paña ay myembro at dating upisyal ng Hugpong sa Mag-uuma Dapit sa Kasapdan-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Dati nang ginigipit ng estado ang biktima dahil sa kanyang pagiging aktibista. Noong 2018, hinalughog nang walang mandamyento ng mga pulis ang kanyang bahay sa Barangay Bantolinao, Antequera. Pinagmalupitan din ng mga pulis ang kanyang pamilya.

**Tortyur.** Tinortyur at binugbog ng nag-ooperasyong mga sundalo ng 62nd IB ang sibilyang sina Michael Callao at Jimmy Bayog, parehong residente ng Sityo Agogolo, Barangay Macagahay, Moises Padilla, Negros Occidental. Napadaan lamang ang dalawa sa Sityo Bongao, Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental noong Disyembre 26, 2020 nang harangin sila ng mga sundalo.

**Istraping.** Tatlong sibilyan ang biktima sa walang-habas na pamamaril ng mga sundalo ng 78th IB sa isang bahay sa Barangay Quezon, General MacArthur, Eastern Samar noong Nobyembre 12, 2020. Nasa loob noon ng bahay ang magkakapatid na sina Benan, 50, Boboy, 40, at Ryan Cadello, 22—mga sibilyang inakusahan ng militar na may kaugnayan sa armadong kilusan.

**Militarisasyon.** Mula Disyembre 25, 2020, sumalakay ang may 90-120 sundalo ng 11th IB at 705th Police Regional Mobile Force Battalion sa 14 na sityo ng mga barangay ng Tayak, Napacao at Casalaan sa Siaton, Negros Oriental. Nagtala ng sampung kaso ng mga paglabag ang mga pwersa ng estado, kabilang ang tangkang pagpatay, pagnanakaw, paninira ng mga ari-arian, interogasyon at pananakot.

# Badyet para sa kurakot at pasismo

PORMAL NANG NILAGDAAN ni Rodrigo Duterte noong Disyembre 28, 2020 ang ₱4.5 trilyong pambansang badyet para sa taong 2021 na tinawag ng mga kritiko nito na badyet para sa kurakot at pasismo.

Halos sangkapat ng badyet (₱1.1 trilyon) ay inilaan para sa mga proyektong imprastruktura habang wala pang 4% (₱200 bilyon) ang inilaan para apulain ang pandemya, sa pagtataas ng kapasidad ng sistemang pangkalusugan at pagbili ng bakuna.

Todo-buhos ang pondo para sa modernisasyon ng Armed Forces of the Philippines (₱38 bilyon) at paniktik (₱9.5 bilyon). Bagamat nagkaroon ng usap-usapan sa Senado ng pagbabasura sa ₱19.1 bilyong badyet ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict, nanatiling buo ito sa pinal na pinirmahang badyet.

Sa kabilang banda, tinanggal ni Duterte ang mga probisyon para sa paglalaan ng maliliit na pondo para sa pagbili ng karagdagang mga kama para sa mga pampublikong ospital; pagbibigay sa mga guro ng espesyal na alawans para sa transportasyon at pagbili ng mga kagamitan sa pagtuturo; relokasyon ng mga residenteng mapalalayas dahil sa itatayong mga proyektong imprastruktura; libreng pagpapakain para sa mga bata at iba pang mga batayang serbisyo.

Tinanggal din niya ang probisyon na nag-oobliga sa kanyang upisina na magsumite ng ulat sa Kongreso kung paanong ginagastos ang pondong paniktik nito kada kwarto ng taon.

Samantala, naglaan si Duterte ng ₱560 bilyon para bayaran ang kanyang mga inutang nitong nagdaang mga buwan. Umabot na sa ₱10.2 trilyon ang utang ng Pilipinas noong Nobyemre 2020. AB




### Kakarampot na pondo para sa bakuna

SA KABILA NG bukambibig ni Duterte na bakuna ang tanging makapagsasalba sa bansa sa pandemya, ₱2.5 bilyon lamang ang aktwal na inilaan niya para sa pagbili nito. Ang karagdagang ₱70 bilyon ay manggagaling sa utang at di pa nakukulektang rebenyu. Nitong linggo, nabalita ang plano ni Duterte na muli na namang mangutang ng ₱30 bilyon mula sa Asian Development Bank at World Bank para ipambili ng bakuna. Ito ay sa kabila ng 8% pa lamang ang nagagamit ng rehimen sa ₱5 bilyong inutang nito sa World Bank noong Abril para umano labanan ang pandemya.

Dahil sa kawalan ng sentral na plano at pondo, marami nang syudad ang nagpahayag na bibili ng sariling bakuna para sa libreng pamamahagi sa mga residente. Imbes na saluhin ang malaking kakulangan, ipinasa ng rehimen sa mga kapitalista ang pagbili ng 600,000 dosis ng bakuna ng AstraZeneca (United Kingdom) at humingi ng 200,000 dosis para sa sariling gamit. Bago nito, 2 milyong dosis din ang ipinaako ng rehimen sa pribadong sektor.

### Mga baril, isinuko ng CAFGU sa BHB

PATAY ANG ISANG upisyal ng 46th IB matapos siyang barilin ng isang elemento ng CAFGU na hindi na nakatiis sa pagmamalupit noong Setyembre sa Barangay Bugho, Pinabacdao, Samar. Tumangging manguna sa pagpatrulya ang naturang elemento dahil sa takot na masabugan ng bomba ng BHB. Dahil dito ay binugbog siya ng kanyang kumander, na siyang nagtulak upang barilin niya ang upisyal. Isinurender niya ang inisyu sa kanyang ripleng R4 at pistola sa BHB, at humingi ng tulong laban sa AFP. Makalipas ang dalawang linggo ay tuluyan nang nilisan ng 46th IB ang sinakop nilang mga baryo ng Pelaon, Magdawat at Manaing sa nasabing bayan.

Sa Negros Oriental, isang tinyente at isa pang sundalo ng 11th IB ang napatay, habang dalawa pang sundalo ang nasugatan nang makaengkwentro nito ang isang yunit ng BHB sa bayan ng Siaton noong Disyembre 24, 2020. Dalawang Pulang mandirigma ng BHB ang namartir.

# Treyning-militar, inilunsad ng BHB-Eastern Samar

NAKAPAGTAPOS NG BATAYANG Kursong Pulitiko-Militar (BKPM) ang isang platun ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Eastern Samar sa gitna ng matinding operasyong militar noong Oktubre 2020. Sa loob ng 12 araw, nagawang magtreyning ng mga Pulang mandirigma sa eryang okupado ng Retooled Community Support Program (RCSP) ng militar.

Layunin ng pagsasanay na pataasin ang kakayahang militar ng yunit bilang bahagi ng paghahanda sa mas matinding pag-atake ng mga armadong pwersa ng rehimeng Duterte. Naging katuwang sa aktibidad ang lokal na organisasyong masa sa pagtiyak ng seguridad at lohistika.

Sa isang simpleng seremonya pagkatapos ng treyning, ipinahayag ng mga estudyante na tumaas ang kanilang kumpyansa na makidigma at isulong ang armadong pakikibaka laban sa pasismo ng estado. Pagkatapos ng treyning, agad na ipinakat ang nasabing yunit para harapin ang mga pasistang tropang nagsasagawa ng operasyong RCSP sa lugar. AB

Giit ng mga guro at magulang:

# Ligtas na pagbabalik-eskwela

Binatikos ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) ang karakarakang pagbawi ni Duterte sa unang planong buksan ang klaseng "face-to-face" o harapan sa ilang eskwela sa Enero. Ayon sa mga guro, pagtalikod ito sa pangangailangan ng ligtas, de kalidad at abot-ng-mamamayan na edukasyon sa panahon ng pandemya. Tinawag ito ng grupo na isang "pasibong tugon" kung saan pinapipili na naman ang mamamayan sa pagitan ng kalusugan at buhay at karapatan sa mga serbisyong tulad ng edukasyon. "Tama na ang ganitong kalakaran," ayon pa sa grupo.

Ipinaliwanag ng ACT na dapat nakatuon ang mga pagsisikap ng estado sa ligtas na pagbabalik sa harapang mga klase. Kinikilala ito ng mga guro bilang pinakamainam pa rin na paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Lalo itong nagiging kagyat sa harap ng palpak at pahirap na *blended learning* na ipinatupad ng Department of Education (DepEd) sa nakaraang limang buwan. Kapos ang paghahanda, mali-mali ang mga modyul, at marami ang hindi nakasabay sa pamamaraang ito.

Walang paliwanag at kampanya ang DepEd kaugnay sa kahalagahan, risgo at paghahanda para sa ligtas na harapang mga klase. Dahil dito, marami sa mga magulang ang nagakalang sabay-sabay na bubuksan ang mga paaralan sa lahat ng bahagi ng bansa, may bayrus man o wala. Nagpahayag sila ng pagkabahala at labis-labis na pangamba dahil sa takot sa bayrus at tinatayang laki ng gastos sakaling magkasakit sila o ang kanilang mga anak.

Isa si Sandy sa nag-akalang sabay-sabay na bubuksan ang mga eskwehalan. "Kaligtasan muna bago edukasyon," aniya. "Saka na kapag may bakuna na" at "baka sa susunod na taon," sagot ng iba. Gayunpaman, malayo pa ang posibilidad ng bakuna, laluna sa mga bata na inilagay ng rehimen sa pinakamababang prayoridad nito. Hanggang ngayon, nakakulong sila sa kanilang mga bahay nang walang plano kung paano sila makababalik sa "normal" na buhay.

Pero marami rin ang payag na bumalik na sa harapang klase sa kabila ng manipis na impormasyon. Isa rito si Lena na may apat na anak na hirap sa sistemang modyul. "Hanggang Grade 3 lang ang tinapos ko kaya di ko sila kayang turuan." Nangangamba siyang hindi makapagtapos sa Grade 12 ang panganay niyang anak habang tumatagal na walang titser na nagtuturo sa kanya. Wala pang nakapagtatapos ng elementarya sa kanilang pamilya.

"Sa totoo lang, ang sama sa loob," sabi naman ni Joy. "Kung kelan magtatapos na ang taon, tsaka magkakaroon ng plano? Limang buwang nagpahirapan sa modyul, pwede naman palang *face-to-face*?" Bagong panganak si Joy nang magsimula ang *blended learning* noong Agosto. Mag-isa niyang inaalagaan ang kanyang ngayo'y limang buwan nang sanggol at mga anak na nasa Grade 2 at Grade 6.

"Dami nang trabaho ng mga nanay. Magluluto, maglalaba, maglilinis, maghuhugas, maghahanap pa ng pera," sabi ni Gina. "Pagdating sa pagtuturo sa mga bata di na ko maka-*concentrate* dahil pagod na. Tamad pati silang mag-aral kasi nasa bahay lang."

Ang mga pumayag sa *face-to-face classes* ay nagsabi ring payag sila basta magsuot ng *facemask at face shield*, may *physical distancing,* limitado ang oras at araw ng pasok at di siksikan ang klasrum. Naiintindihan nila ang mga risgo ng *face-to-face* na klase at handa silang balikatin ang responsibilidad na iaatang sa kanila para matiyak na ligtas ito. Handa silang pumaloob sa anumang programang ihahain ng DepEd kung may sapat na konsultasyon para rito. "Halos wala silang natututunan sa mga modyul," sabi ni Fanny. "Ako ang gumagawa ng *project* at sumasagot sa mga eksam."

"Yung mga tambay nga, pinayagan nang mag-inuman, bakit yung mga bata di pa payagang maayos na makapag-aral?" Noong Oktubre pa ibinukas ang lahat ng iba pang establisimyento at mga lugar-aliwan.

Mula Nobyembre hanggang Disyembre, marami nang mga syudad at bayan ang nagdeklara ng Covid-*free* na mga barangay. Covid-*free* o wala nang Covid ang isang lugar kung wala itong naitalang kaso sa loob ng minimum na dalawang linggo. Labas ng Metro Manila, may mga eryang napakababa ang tantos ng impeksyon, kung meron man, at madaling naapula dulot ng pagtutulungan ng mga residente at lokal na konseho. AB



# *13th month pay,* hindi ibinigay sa marami

Maraming manggagawa ang umasang makatatanggap ng *13th month pay* noong Disyembre 2020 para makabawi man lang sa kani-kanilang mga kabuhayan sa bagong taon. Marami rin ang umasang magagamit ito para mabayaran ang nagpatung-patong nilang utang dulot ng napakahabang panahon na wala silang trabaho. Lumipas na ang bagong taon pero marami pa rin sa kanila ang hindi nakatanggap ng naturang benepisyo.

Ang *13th month pay* ay isang benepisyong obligadong ibigay ng mga employer sa kanilang mga manggagawa nang hindi lalampas sa Disyembre 24 ng bawat taon. Lahat ng mga manggagawa, kabilang ang mga kontraktwal, na nanilbihan nang hindi bababa sa isang buwan sa kanilang mga employer ay may karapatan na tumanggap ng benepisyong ito. Ito ay kinukwenta batay sa halaga ng buwanang sahod ng manggagawa at bilang ng buwan na siya ay nagtrabaho sa loob ng isang taon.

Sa nakaraan, ginagamit ng mga manggagawang Pilipino ang benepisyong ito para sa pasko, pantustos ng iba pang mga gastusin sa bahay, o di kaya'y iniimpok para magamit sa panahon ng kagipitan. Ngayong pandemya, kung kailan mas kailangan, saka naman ipinagkait ang benepisyong ito sa maraming manggagawa. Tinatayang nasa 2 milyon ang mga manggagawang hindi nakatanggap ng *13th month pay* para sa 2020.

Kabilang sa kanila si Kim, manggagawa sa isang malaking *grocery* sa Maynila. "Limang taon na akong nagtatrabaho bilang *merchandiser* pero sa pangalan lang ako regular. Limang taon na akong hindi nakakatanggap ng *13th month pay* at iba pang mga benepisyo," aniya. Nitong nakalipas na mga *non-working holiday* (araw na walang pasok ngunit may sahod), inobliga si Kim ng kanyang employer na magtrabaho nang walang espesyal na kumpensasyon. Labag ito sa reaksyunaryong batas na nagsasaad na dapat bayaran ng hindi bababa sa 200% ng kanilang sahod ang mga nagtatrabaho sa *holiday*.


Wala ring natanggap na *13th month pay* ang gwardya sa isang kumpanya sa Laguna at bagong-ina na si Lucy. "Ibinigay na ng *agency* ang *13th month pay* ng mga kasamahan ko, pero wala akong natanggap. Naka-*maternity leave* ako ngayon dahil kapapanganak ko pa lang noong huling linggo ng Oktubre," kwento niya. Nang magreklamo siya sa maneydsment ng *security agency*, sinabihan siya na kailangan muna niyang magpasa ng "temporary resignation letter" para makuha ang naturang benepisyo. Tumanggi siyang magpasa nito matapos balaan ng kanyang mga kamanggagawa na gagamitin lamang ito para sapilitan siyang tanggalin sa trabaho.

Imbes na *13th month pay*, utang ang sumalubong sa manggagawa sa konstruksyon sa Pampanga na si Niko at kanyang mga kasamahan noong nakaraang buwan. Inilahad niya kung paanong ginamit ng kanyang employer ang *cash advance* (paunang sahod) sa kanila para ibaon sila sa utang at ipagkait ang naturang benepisyo. "Puro negatibo ang mga sahod namin kasi pinatubuan yung *cash advance* sa amin. Dedma lang ang employer sa amin, wala kahit konting konsiderasyon man lang."

Gaya ni Niko, ikinaltas din sa *13th month pay* ng drayber sa kumpanya na si Jack ang ₱3,000 na *cash advance* niya nang magsimula ang *lockdown* noong Marso. Inaasahan sana niya ang benepisyong ito para ipambili ng gamot para sa kanyang *hypertension*, pero halos ₱400 na lang ang kanyang natanggap. "Sabi ng supervisor namin, malaki rin daw ang nakaltas dahil Setyembre na ako pinabalik sa trabaho."

Pinatutunayan ng mga kasong ito na walang pangil ang deklarasyon ni Labor Sec. Silvestre Bello na dapat na makatanggap ang mga manggagawa ng *13th month pay*. Sa katunayan, wala pa rin siyang planong magsagawa ng inspeksyon para tiyakin ang pagsunod ng mga employer sa naturang batas. Wala ring natanggap na anumang subsidyo ang gipit na mga mga empresa, laluna na ang maliitan at katamtamang-laki, para tiyakin na mabibigyan ang kani-kanilang mga empleyado ng naturang benepisyo.

Bahagi ang ipinagkait na *13th month pay* sa dahilan ng patuloy na pagbagsak ng sahod ng mga manggagawa sa gitna ng pandemya. Sa buong mundo, tinaya ng International Labor Organization na bumagsak nang 11% ang sahod ng mga manggagawa o katumbas ng $3.5 bilyon (₱168 trilyon) sa unang tatlong kwarto ng 2020. AB



# Ligtas sa Covid-19 pero hindi sa hirap

Nagtapos ang taong 2020 nang may 474,000 kaso ng nahawa ng bayrus ng Covid-19 sa Pilipinas. Noong Enero 4, sinasabing 448,258 dito ay "nakarekober" sa sakit habang 9,257 naman ang namatay. Kalakhan ng mga nahawa at nakarekober ay nasa edad 49 pababa. Pinakamarami ang namamatay sa mga pasyenteng edad 60 pataas.

Sa buong panahon ng pandemya, libu-libo sa mga nahawa ang idineklara ng Department of Health (DOH) na "nakarekober" o gumaling na sa sakit kada Linggo. Sa ilalim ng protokol na "Oplan Recovery," lahat ng mga *asymptomatic* (walang dinaramdam na sintomas) at kaso na hindi lumala ay awtomatikong idinedeklarang "nakarekober" matapos ang rekisitong 14-araw na pagkakwarantina. Ang pagkwarantina ay maaaring isagawa sa mga pasilidad na pinatatakbo ng mga lokal na gubyerno o sa sariling bahay ng pasyente. Dagdag sa kanila ang mga gumaling sa loob ng mga ospital.

Hindi na isinasailalim muli sa *testing* ang mga "nakarekober" habang nasa kwarantina. Ayon sa DOH, ito ay dahil marami sa kanila ang magpopositibo pa rin dulot ng bayrus na nasa katawan pa nila. Gayunpaman, hindi na umano nakahahawa ang bayrus na ito. Ayon sa mga syentista, pinakanakakahahawa ang bayrus sa unang 10 araw ng impeksyon. Mahigit 90% ng mga nahawa na may edad 59-pababa ay gumagaling sa sakit.




Gumaling man sa sakit, hindi natatapos ang kanilang pagdurusa. Hindi iilan ang nabaon sa utang dahil sa sobrang mahal ng pagpapaospital. Marami ang tuluy-tuloy na dumaranas ng karamdaman at hirap makabalik sa dati nilang buhay. Kung wala silang natanggap na ayuda, subsidyo o kahit anong suporta mula sa estado noong nagkasakit sila, lalong wala silang natanggap pagkatapos nilang makaligtas.

Sa Metro Manila, umaabot sa ₱30,000 hanggang ₱40,000 kada araw ang singil ng mga pribadong ospital, wala pa ang bayad sa duktor. May mga pasyenteng banayad ang sintomas na nagbayad ng ₱570,000 para sa 14-araw na pagkakaospital. Ang malalaking ospital ay sumisingil nang hanggang ₱700,000 sa isang linggong pagpapagamot, kahit pa hindi umabot sa paggamit ng *oxygen* o *ventilator* ang pasyente.

Hindi agad-agad nawawala ang dinaranas na sakit ng mga nakaligtas sa Covid-19. Hindi iilan ang nag-ulat ng panaka-naka pa ring lagnat, ubo, pagkawala ng panlasa at pang-amoy, at kahirapan sa paghinga kahit ilang linggo na silang idineklarang ligtas na. Hindi pa matantya kung ilan sa mga nakaligtas ang apektado sa kalagayang ito, na tinatawag na "long" o mahabang Covid.

"Minsan nagigising pa rin ako na di nakahihinga," ayon kay Manny, tatlong buwan matapos siya lumabas sa kwarantina. Dalawang beses siyang nagpositibo at nagkwarantina sa loob ng dalawang buwan bago nagtala ng negatibo ang kanyang *test.* Para gumaling, bumili si Manny ng mga bitamina at iba pang pampalakas ng resistensya, gamit ang natitira niyang ipon.

Hindi rin agad-agad na nakababalik sa trabaho ang mga nakaligtas. "Setyembre ako unang nagpositibo at nagkwarantina," ayon kay Pinang, isang manggagawa. Disyembre na pero hindi pa rin siya nakababalik sa trabaho. Tulad ng maraming kumpanya, rekisito sa kanyang pinagtatrabahuan ang magnegatibo muna ang mga nahawa bago muling papasukin. "Limang beses na akong paulit-ulit na nagpa-*test* pero positibo pa rin," ayon kay Pinang. Sa kahuli-hulihan, nagpailalim siya sa isang espesyal na *test* para malaman kung nakahahawa pa ba ang bayrus na nasa kanyang katawan. "Simula pa lang ng trabaho, baon na agad sa utang," sabi niya. Ang bawat *test* ay nagkakahalaga ng mula ₱1,500 hanggang ₱8,000, depende sa lugar at ospital. Hanggang ₱3,409 lamang ang sinasagot ng PhilHealth at saka lamang kung ang mga test ay ginawa sa iisang laboratoryo o ospital.

"Naisip ko nang magresayn na lang sa trabaho," sabi ni Pinang, "pero ang hirap ngayon makahanap ng ibang mapapasukan." Nangangamba rin siyang hindi niya makukuha ang kanyang mga benepisyo sa panahong pinakakailangan niya ito. Sobrang bagal at masalimuot ang proseso ng pag-aplay at pagkuha ng benepisyo sa Social Security System. "Noong Oktubre pa nagsiresayn ang katrabaho ko pero Disyembre na, wala pa rin silang *sickness benefit* na natatanggap," dagdag niya.


## SA MADALING SALITA

**18** andana na bumagsak ang Pilipinas sa listahan ng **pinakahindi korap** na mga bansa sa ilalim ng rehimeng Duterte.



**Pinagkunan:** Transparency International

**Mula ika-95 noong 2015, nasa ika-133** itong pwesto ngayon sa kabila ng **pagmamalinis** ni **Duterte** sa kanyang **huwad** na **kampanya kontra-korapsyon**.



**₱700 B**

**ang nawawala sa gubyerno taun-taon** dulot ng **korapsyon** at **pagnanakaw** ng pondo.

**Pinagkunan:** Office of the Ombudsman

---

**₱350-₱2,450**

**ikakaltas** ng **PhilHealth** sa mga **sumasahod** ng

**₱10,001-₱69,999**

**kada buwan** simula **Enero 1**.

**₱390**

**bagong minimum** na **buwanang kaltas** ng **SSS** simula **Enero** mula sa dating **₱320**.


---

**B.1.1.7**

**bagong baryant** ng **SARS-CoV-2**, ang bayrus na sanhi ng sakit na **Covid-19**. Una itong natuklasan sa **United Kingdom** noong **Disyembre 20, 2020**. Bagamat **wala** pang **malakas na ebidensya** na nagpapatunay na "mas nakahahawa" ito, marami nang mga bansa ang **nagsara** ng kanilang mga **hangganan** sa **tangkang pigilan** ang **pagkalat** nito.



***Baryant:*** *pagkakaroon ng mga mutasyon ng bayrus pero hindi sapat para mabago ang batayang katangian nito.*



**10.3 milyon**

**dosis ng iba't ibang bakuna ang naipamahagi** na sa **29 bansa** noong **Enero 1**. Nasa **8.25 bilyong dosis** na ang **nabili** o **ipinareserba**.

---

Philippines Trends

1 **#NoToVIPvaccination**

3,032 Tweets

**Batikos** ng mamamayan sa espesyal na pagbabakuna ng **Presidential Security Group** at **myembro ng gabinete** ni Rodrigo Duterte sa kanilang mga sarili. **Nauna pa sila sa mga manggagawa sa kalusugan.**

**Marco L. Valbuena**

@marco_cpp Jan 3

**₱2.77 kada araw.** Ito ang dagdag na allowance na ibinigay ni Duterte para sa mga gurong Pilipino sa 2021 budget. **Pinahihirapan na, iniinsulto pa.**

6 290 1.2 K

*Social media* sa Pilipinas:

# Daluyan ng pagkakaisa at paglaban

Dulot ng Covid-19 at militaristang *lockdown*, limitado ang naging pisikal na pagtitipon at pagkilos ng mga demokratikong organisasyon noong 2020. (*Basahin ang kaugnay na artikulo sa* Ang Bayan *Disyembre 21, 2020.*) Sa ganitong kalagayan, sinikap ng mga organisasyong masa ng mga sektor sa kalunsuran na gamitin ang mga plataporang *online* para makapagmulat, mag-organisa, magtipon at mag-aral.

Sa inisyal na nakalap na datos ng *Ang Bayan*, mayroong mahigit 300 na *online* na mga aktibidad, karamihan ng mga lokal na balangay, ang nailunsad noong nakaraang taon. Ang mga ito ay nasa porma ng protesta, kultural na pagtatanghal, *social media rally* (sabayang pagpo-*post* ng mga hinaing gamit ang komun na mga *hashtag*), *webinar* at pampulitikang pag-aaral, oryentasyon at pagbubuo ng mga mga balangay at mga pulong ang nailunsad sa buong taon. Pinakaaktibo sa aktibismong *online* ang sektor ng kabataan.

Panaka-naka namang mga porum at protesta ang inorganisa ng mga pambansang sentro ng mga demokratikong organisasyon (may mga lingguhan habang ang iba ay tuwing may napipintong pagkilos).

Pinakamarami ang nakiisa sa protesta noong Mayo 1, 2020 sa Pandaigdigang Araw ng Manggagawa sa pamumuno ng Kilusang Mayo Uno. Napanood ito ng higit 77,000 beses sa Facebook. Kasabay nito ang isinagawang pagpo-*post* ng mga larawan at panawagan para sa kalusugan, kabuhayan at karapatan.

Pinakatampok sa buong taon ang mga porum at maiiksing pag-aaral hinggil sa pagsasabatas ng Anti-Terror Law. Maraming porum at pag-aaral ang nailunsad ng mga lokal na tsapter ng organisasyong kabataan sa Metro Manila, Southern Tagalog, Cordillera at ilang mga prubinsya sa Visayas at Mindanao.

Ilampung libong pirma rin ang nakalap ng kampanya laban sa ATL at pagsuporta sa ABS-CBN matapos itong ipasara. Nag-*trending* nang ilang ulit ang #JunkTerrorLaw (Ibasura ang Terror Law) para ihayag ang pagtutol sa batas kasabay ng panawagang #OustDuterteNow (Patalsikin si Duterte, ngayon na).

Tumampok din ang paglaban sa *red-tagging,* hinaing ng manggagawang pangkalusugan at mga kawani ng gubyerno para ibigay ang *hazard pay* at libreng *mass testing,* pagkadismaya ng kabataan sa *online learning* gamit ang #NoStudentLeftBehind at pakikiisa sa kampanyang #BalikPasada para sa mga drayber ng dyip.

Napamalas ang potensyal at bilis ng pangangalap ng tulong sa *social media* nang sunud-sunod na bayuhin ng mga bagyo ang bansa. Mabilis na lumaganap ang panawagan para sa donasyon at ayuda, gayundin ang pagpapanagot sa kawalang-tugon ng rehimeng Duterte sa pamamagitan ng pag-*trending* ng #NasaanAngPangulo.

Ilang mga organisasyong nakabase sa komunidad at pabrika ang aktibong nagpahayag ng hinaing sa *social media* sa panahon ng *lockdown*. Binatikos nila ang napakabagal na pamamahagi ng Social Amelioration Program ng rehimen at kakulangan ng ayudang pagkain.

Inilunsad din sa mga kulumpon ng mga manggagawa, maralita at magkakabarangay ang mga *online* na konsultahang bayan para kalapin ang hinaing ng taumbayan. Bukod pa rito ang hiwa-hiwalay na mga *post* ng mga maralita, guro, kabataan at mga propesyunal.

Kasabay ng pag-arangkada ng protestang online, lumakas din ang pambubusal ng estado. Marami ang ginipit at inaresto dahil lamang nag-*post* sila ng kanilang hinaing at kritisismo *online*. AB




### Malaking potensyal ng *social media*

Nasa **81 milyong Pilipino** ang gumagamit ng *internet,* ayon sa isang pag-aaral noong Oktubre 2020. Ang mga Pilipino ang pinakababad sa *internet* sa buong mundo, kung saan halos **10 oras kada araw** ang iginugugol nila rito. **Apat na oras kada araw** ang iginugugol nila ***sa social media.*** Mayorya sa mga gumagamit ay edad 20 hanggang 34 taong gulang.

Naaabot ng **Facebook** ang halos lahat ng **81 milyong nasa *internet* na Pilipino.** Nasa 40 milyon naman ang naabot ng Youtube, 14 milyon ng Instragram, 10 milyon ng Snapchat, at 7.8 milyon ng Twitter.